Pag-IBIG Fund,

Maasahan mo sa kinabukasan…

Si Gng. Hermie Ambray (gitna) kasama ang kanyang anak na si Mary Ann Idea at G. Amado Dizon, Vice President, Pag-IBIG International Operations Group (PIOG).

Hindi na bago sa atin ang mga kuwento ng ating mga kababayan na piniling makipagsapalaran sa ibayong dagat mabigyan lamang ng magandang buhay ang kanilang mga pamilya. Subalit ang magawang tumulong pa sa kanilang mga kababayan habang nasa ibang bansa at malayo sa kanilang mga mahal sa buhay ay hindi birong gawain at hindi kaya ng karamihan sa ating mga Overseas Filipino workers (OFWs) lalo na't kung sila ay mga ordinaryong manggagawa lamang.

Ngunit hindi para kay Gng. Herminia "Hermie" Loyola Ambray, 57, tubong Pagbilao, Quezon, may asawa at apat na anak. Kasabay ng kanyang pamamasukan bilang kasambahay sa Hongkong, sa tuwing araw ng kanyang pahinga ay nag-aral si Hermie ng pagiging Paralegal sa Philippine Consulate sa loob ng anim na buwan. Nais niyang matulungan ang mga OFWs na nawalan ng pasaporte, o may problema sa *employer* o dili kaya'y namatay at kinakailangang maiuwi ang katawan sa Pilipinas. Ayon kay Hermie, sa dami ng mga Pilipinong nangangailangan ng tulong, hindi laging agaran ang maaring maging tugon ng Embahada at Konsulada ng Pilipinas sa ilan sa kanila kung kaya't ang tulong na ginagawa ng mga tulad niya ay napakalaking bagay sa mga OFWs. At hindi na nga mabilang ang dami nga ating mga kababayan ang lumapit at natulungan ni Hermie.

Malaking bagay rin ang pagiging kasapi niya sa Confederation of Overseas Filipinos at Quezonian Association sa Hongkong na siya mismo ang nagtatag. Dagdag pa dito, ang inspirasyon na dala ng kanyang pangalan. Ang "Herminia" daw ay nangangahulugang "*man in the army"* sa mga Amerikano, at *"messenger"* sa mga Griyego. Ito marahil ang dahilan kung bakit naging natural na din kay Hermie ang maging parang sundalo na laging handang tumulong lalo na sa kanyang kapwa Pilipinong nasusugatan sa gitna ng digmaan. Hindi nga ba't maihahambing sa isang pakikidigma ang magtrabaho sa lupain ng mga dayuhan, kung saan ang iyong hinaharap ay walang kasiguruhan?

Sundalo mang maituturing, batid ni Hermie na hindi siya palaging malakas at makakapag-trabaho kung kaya't kanya ring pinaghandaan ang panahon ng kanyang pagreretiro. Sa puntong ito niya nakilala ang Pag-IBIG Fund kung saan siya ay naging boluntaryong kasapi noong 2002 habang nagtatrabaho sa Hongkong.

At noong ika-5 ng Marso 2013, nakuha na ni Hermie ang kabuuan ng kanyang naipon na umabot ng P55,023.23 at $201.64. Maliit na halaga kung tutuusin. Ngunit matapos ang 21 taon ng pamamasukan bilang kasambahay, tanging ang kanyang naimpok sa Pag-IBIG Fund ang kanyang nakuha upang gamitin sa kanyang pag-papa *check-up* at pambili ng gamot. Katunayan, nakatakdang magpunta si Hermie sa ospital kinabukasan matapos niyang matanggap ang kanyang pera mula sa Pag-IBIG.

Dahil din sa pagiging kasapi ng Pag-IBIG, nakabili ng sariling bahay at lupa ang pamilya ni Hermie noong 2004 sa pamamagitan ng kanyang *housing loan* sa Pag-IBIG na nagkakahalaga ng P 742,000.00. Ito ay may *loan term* na 10 taon subalit natapos niyang bayaran sa loob lamang ng limang taon.

"Tama ang sabi nila. Ang mga OFW ay dapat maging member ng Pag-IBIG dahil totoo ngang maaasahan mo ito sa kinabukasan," sabi ni Hermie. At bilang pagsasabuhay nito, hinihikayat ni Hermie ang kanyang pamilya, mga kamag-anak at kakilala na maging kasapi ng Pag-IBIG tulad ng tatlo sa kanyang mga anak na sina Geraldine at Mary Grace, pawang OFWs din at Mary Ann na isang negosyante.

Maging ang asawa niyang si G. Teodoro "Teddy" Ambray na sumunod kay Hermie sa Hongkong at nakasama niyang nagtrabaho sa ilalim ng iisang amo ay boluntaryo ding sumapi sa Pag-IBIG Fund. Ang naipon ni Teddy ay nakatakda na ring kunin ni Hermie sa kanyang susunod na pagluwas sa Maynila upang pandagdag puhunan sa maliit na kantinang binuksan ng kanyang asawa matapos itong bumalik sa Pilipinas noong 2009.

Matapos ang 21 taong pagtatrabaho sa malayong bayan, masayang inalala ni Hermie ang dahilan ng kanyang pangingibang bansa—ang mapag-aral ang kanyang mga anak upang magkaroon ng buhay na mas maganda sa kanyang nakagisnan. Pagbibiro ni Hermie, "Pagbalik namin, mayaman na kami, nasa estado na ang mga anak ko".

Gayunpaman, si Hermie ay patuloy na mag-iimpok sa Pag-IBIG Fund hanggang sa edad na 60. Katwiran niya, malaki pa ang maaring makuha niya sa loob ng tatlong taon dahil sa dibidendong kikitain ng kanyang impok. Sa ganitong paraan, may matatawag siyang sarili niyang pera pagdating ng takdang panahon. Dahil sa Pag-IBIG, ang pinaghirapan, may katuparan.